# Mga bagay na dapat kumpirmahin bago pumasok sa pasilidad na tutuluyan sa pagpapagaling

Para sa paunang kumpirmasyon

## [Mga bagay na dapat kumpirmahin sa pagpasok sa pasilidad na tutuluyan sa pagpapagaling]

□ Ang pasyente at ang pamilya ay sumasang-ayon

□ Walang problema sa mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay, at may kakayahang asikasuhin ng sarili o ng mga kasamang pamilya

□ Hindi nakakaramdam ng hirap sa paghinga

□ May kakayahang sukatin ang SpO2 (saturasyon ng oxygen sa dugo)
(Dahil ikakabit ang aparato sa daliri, wala bang anumang magarang nailart sa kuko? Kung mayroon, alisin ito. Maaari sa isang daliri sa kamay o paa)

□ Hindi gumagamit ng wheelchair.

□ Hindi gumagamit o umiinom ng immunosuppresive na gamot o anti-cancer na gamot

## [Mga impormasyon at paliwanag sa pasilidad na tutuluyan sa pagpapagaling]

□ Ito ay isang sistema kung saan maaaring makipag-ugnayan sa doktor anumang oras sa pamamagitan ng telepono, at ito ay isang sistemang 24-oras na medikal na pangangalaga ng mga residenteng nars

□ Ang transport vehicle na inihanda ng prepektura ang pupunta sa harap na inyong tahanan para kayo ay sunduin, hindi maaaring mag tumigil o dumaan kahit saan patungo sa pasilidad na tutuluyan sa pagpapagaling, at sa pag-uwi, kayo ay susunduin ng pamilya o ng sinuman o ihahatid namin kayo sa pinakamalapit na istasyon

□ Nakatira sa pribadong silid (may paliguan, palikuran, at 3 pagkain sa 1 araw), at hindi maaaring lumabas mula sa silid habang nasa pasilidad kayo

□ Ang halaga sa paggamit ng pasilidad ay karaniwang libre

□ Ang mga padala mula sa pamilya ay maaari lamang sa pamamagitan ng home delivery, at hindi ito maaaring direktang dalhin sa hotel

□ Ihanda ang mga gamit pang-araw-araw na pamumuhay na kakailanganin habang nasa pasilidad ka (nakasaad sa pahina 3 ng guidebook)

□ Ilagay ang mga dalang gamit sa bag at ito ay dapat hanggang sa laki na maaaring ipatong sa iyong kandungan

□ Kung mayroong anumang regular na iniinom na gamot, kumpirmahin na mayroong hindi bababa sa 2 linggo na dami dahil kinakailangan ito sa pagpasok.

(Kung mayroon, ipaalam sa pamamagitan ng telepono mula sa health center)

□ Kumpirmahin kung mayroon o walang alerdyi sa anumang gamot
(Kung mayroon, ipaalam sa pamamagitan ng telepono mula sa health center)

□ **Mag-search sa internet ng "Gifu Prefecture Guidebook para sa pasilidad na tutuluyan sa pagpapagaling", at kumpirmahin ang nilalaman ng guidebook.**

[Mga bagay na sasang-ayunan]

- □ Sundin ang mga tagubilin ng mga doktor, nars at kawani ng secretariat sa panahon ng paghahatid sa pasilidad at sa panahon ng pamumuhay sa loob ng pasilidad
- □ Basahin ang "Guidebook sa pamumuhay" na ipinamamahagi sa bawat silid, at mahigpit na sundin ang mga patakaran sa loob ng pasilidad na tutuluyan sa pagpapagaling
- □ Susuriin namin ang inyong pisikal na kondisyon sa pamamagitan ng telepono sa silid, ngunit kung hindi ito sasagutin, maaaring pumasok ang kawani sa silid upang kumpirmahin ang kaligtasan
- □ Mahigpit na sundin ang pagbabawal ng pag-inom ng alak at paninigarilyo (kabilang ang elektronikong sigarilyo, atbp.)
- □ Kung mayroong mga pagnanakaw, karahasan o pag-alis na walang pahintulot, ire-report namin ito sa police station
- □ Ang prepektura ay hindi mananagot sa anumang aksidente, pagnanakaw, o kaguluhan sa loob ng pasilidad
- □ Maingat na gamitin ang mga kagamitan na inihanda sa silid Sa kaso ng mga pagkawala o pagkasira, maaaring mag-claim ng kabayaran ang prepektura o ang tagapamahala ng pasilidad
- □ Ibabahagi ang mga impormasyon tulad ng pangalan, address, at contact information na nakuha ng prepektura, sa mga tagapamahala ng pasilidad, doktor, nars, security guard, kumpanya ng taxi, at kawani ng opisina
- □ Huwag i-post ang kalagayan sa loob ng pasilidad sa social media